Washington State Department of HEALTH

# Pag-iwas sa Sakit Kaugnay ng Paghinga sa Panahon ng Pagbubuntis





Bagaman ang mga sakit sa respiratory o kaugnay ng paghinga tulad ng COVID-19, Respiratory Syncytial Virus (RSV), at trangkaso ay maaaring banayad lang para sa ilang tao, mayroong ilang partikular na kondisyon, tulad ng pagbubuntis, na nagsasapeligro sa mga tao na magkasakit nang malubha. Kahit na malusog ka sa pangkalahatan, ang mga pagbabago sa paraan kung paano gumagana ang iyong immune system, puso, at mga baga sa panahon ng pagbubuntis ay nagpapataaas sa posibilidad na magkasakit ka nang malubha.

Ang COVID-19, trangkaso, at RSV ay puwede ring magdulot ng malalalang peligro sa maliliit na sanggol na maaaring wala pang mga antibody o immune system na sapat na malakas bilang panlaban sa mga sakit na ito. Ang pagpapabakuna laban sa mga sakit na ito kaugnay ng paghinga habang buntis ay maaaring makapagpasa ng mga pamprotektang antibody sa iyong sanggol, na makatutulong upang protektahan siya mula sa pagkakasakit nang matindi sa unang ilang buwan ng kaniyang buhay bago siya mabakunahan.

Ang pagsusuot ng mask, madalas na paghuhugas ng kamay, paglayo sa mga taong maysakit, at ang pananatiling updated sa mga bakuna sa COVID-19 at trangkaso ay makatutulong upang protektahan ka mula sa pagkakasakit, at makatutulong sa iyong katawan upang labanan ang mga impeksiyon kung nalantad ka sa COVID-19 at trangkaso. Ang pagpapabakuna sa RSV sa panahong laganap ang RSV (Setyembre-Enero) ay makatutulong upang protektahan ang iyong sanggol mula sa malubhang karamdaman sa unang ilang buwan ng kaniyang buhay.

## Bakit ako naisasapeligro ng pagbubuntis sa mga sakit kaugnay ng paghinga?

Maraming nagbabago sa iyong katawan sa panahon ng pagbubuntis. Ang mga buntis ay nakararanas ng mga pagbabago sa paggana ng kanilang mga immune system, puso, at baga. Ang mga karamdaman sa paghinga ay kadalasang nauugnay sa lagnat, na puwedeng makaapekto sa paglinang ng iyong sanggol. Bilang resulta ng mga pagbabagong ito sa iyong katawan sa panahon ng pagbubuntis, maaaring mas madali kang magkasakit o magkaroon ng mas malulubhang sintomas habang buntis kaysa sa kung hindi ka buntis.

## Paano malalaman kung ligtas ang mga bakuna sa COVID-19, trangkaso, at RSV sa panahon ng pagbubuntis?

Alam nating ligtas ang mga bakunang ito sa panahon ng pagbubuntis dahil pinag-aralan ang mga ito sa loob ng maraming taon. Napakarami nang naging pag-aaral na nagpapatunay na ligtas ang mga bakunang ito at daig ng mga benepisyo ang anumang peligro. Sinusuportahan at inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit), American College of Obstetricians and Gynecologists, at ng Society for Maternal-Fetal Medicine ang pagpapabakuna laban sa mga sakit na ito sa panahon ng pagbubuntis. **Ligtas at inirerekomenda ang pagtanggap ng mga bakuna sa COVID-19, trangkaso, at RSV sa panahon ng pagbubuntis.**

## Ano ang pinakamabuting panahon upang magpabakuna sa COVID-19, trangkaso, o RSV habang buntis?

Dapat kang magpabakuna sa COVID-19 at trangkaso sa sandaling angkop na ito para sa iyo, sa kahit kailang trimester ng pagbubuntis. Ang mga bakuna sa RSV ay inirerekomenda sa pagitan ng 32 at 36 na linggo ng pagbubuntis sa panahong laganap ang RSV. Kung magpapabakuna sa RSV ang isang buntis na magulang nang hindi bababa sa 14 na araw bago manganak, hindi na kailangan ng kaniyang sanggol na tumanggap ng bakuna sa RSV (maliban sa mga bihirang sitwasyon). Tanungin sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung kailan ang pin akamabuti para sa iyo, sa iyong susunod na appointment.

**DOH 820-256 October 2024 Tagalog**

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa doh.information@doh.wa.gov.

## Paano nakaaapekto sa aking sanggol ang mga bakuna sa COVID-19, trangkaso, at RSV?

Ang pagpapabakuna sa COVID-19, trangkaso, at RSV sa panahon ng pagbubuntis ay makatutulong upang protektahan ang iyong sanggol mula sa malubhang karamdaman, pagpapaospital, at pagkamatay mula sa mga sakit na ito. Ang pagpapabakuna sa panahon ng pagbubuntis ay makatutulong upang maglipat ng mga pamprotektang antibody sa inunan/ umbilical cord habang buntis, at sa gatas ng ina pagkapanganak sa sanggol. Ang mga sanggol ay hindi pa angkop na magpabakuna sa COVID-19 o trangkaso hanggang sa umabot na sila sa 6 na buwang gulang, kaya mahalagang makapagpabakuna sa COVID-19 o trangkaso kung kailan angkop sa panahon ng pagbubuntis upang pareho kayong maprotektahan ng iyong sanggol mula sa mga komplikasyon ng malubhang karamdaman.

## Buntis ako. Aling bakuna sa karamdaman kaugnay ng paghinga ang angkop para sa akin?

**COVID-19** – angkop para sa iyo ang alinmang brand ng bakuna sa COVID-19 para sa 2024-2025 kung hindi ka pa nakatanggap dati ng dosis ng bakuna sa COVID-19 para sa 2024-2025.

**Trangkaso** – angkop para sa iyo ang bakuna sa trangkaso kung hindi ka pa nakatanggap nito para sa panahong laganap ang trangkaso sa 2024-2025. Puwedeng tumanggap ang mga buntis ng anumang lisensiyado at inirerekomendang inactivated na bakuna sa trangkaso. Hindi inirerekomenda sa mga buntis ang bakunang pangwisik sa ilong.

**RSV** – angkop para sa iyo kung ikaw ay nasa pagitan ng 32 at 36 na linggo ng pagbubuntis, at nasa panahong laganap ang RSV (Setyembre-Enero).*

*Kung nakatanggap ka ng bakuna sa RSV sa iyong nakaraang pagbubuntis, hindi ka karapat-dapat na tumanggap ng bakuna sa RSV sa kasalukuyan, pero makatatanggap ang iyong sanggol ng proteksiyon sa tulong ng isang dosis ng Nirsevimab.

## Pinagmulan:

Mga Bakuna sa COVID-19 Habang Buntis o Nagpapasuso (cdc.gov)

https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/recommendations/pregnancy.html

Kaligtasan ng Bakuna sa Trangkaso at Pagbubuntis | CDC

https://www.cdc.gov/flu/highrisk/qa_vacpregnant.htm

Pagpapabakuna sa RSV ng mga Buntis | CDC

https://www.cdc.gov/vaccines/vpd/rsv/public/pregnancy.html